WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

Propesyonal na Kalagayan at Pag-Angkop ng mga Guro ng Filipino Matapos ang Pagtanggal ng Filipino sa General Education: Isang Multiple-Case Study

Cecille B. Tirambulo
University of Immaculate Concepcion
cecilletirambulo71@gmail.com

Mildred P. Galvez, PhD
University of Immaculate Concepcion
mgalvez@uic.edu.ph

Abstrak

Ang kwalitatibong multiple-case study na ito ay naglalayong suriin ang mga karanasan, epekto, estratehiya ng pag-angkop, at pagbabago sa propesyonal na identidad at tungkulin ng mga guro ng Filipino matapos ang pagtanggal ng Filipino sa General Education sa Davao Region. Isinagawa ang pangangalap ng datos noong Hunyo 2026, na nilahukan ng limang pangunahing kalahok at sampung key informants na pinili batay sa kanilang karanasan at direktang pagkakaugnay sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersiyarya. Sinuri ang bawat kaso sa pamamagitan ng within-case analysis bago isinagawa ang cross-case analysis upang matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng kanilang mga karanasan. Natukoy ang limang pangunahing epekto ng pagbabago: kawalan ng katatagan sa propesyon, pagbabago sa teaching load at tungkulin, kabuhayan at benepisyo, emosyonal at sikolohikal na kalagayan, at propesyonal na ugnayan. Bagaman magkakatulad ang mga hamon, nagkakaiba ang mga kaso sa kanilang mga responsibilidad at paraan ng pag-angkop. Kabilang sa mga estratehiyang iniulat ang pagpapaunlad ng sarili, paghahanda sa pagtuturo, emosyonal na katatagan, kolaborasyon, at inobasyon. Sa kabila ng pagbabago sa mga tungkulin, nanatiling mahalaga sa kanilang propesyonal na identidad ang pagiging guro at dalubhasa sa Filipino. Patuloy din nilang itinaguyod ang paggamit at pagpapahalaga sa wikang Filipino sa edukasyon. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan ang mahalagang papel ng personal na pagsisikap, kolaborasyon, at suportang institusyonal sa pagharap ng mga guro sa mga pagbabagong pangkurikulum at propesyonal.

Mga Susing Salita: Guro ng Filipino, General Education, propesyonal na identidad, pag-angkop, multiple-case study, Pilipinas

Publisher's Note

The WIKATIKAN: **Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)** publishes all articles under the terms of the **Creative Commons Attribution-Non Commercial 4.0 International License (CC BY-NC 4.0)**. This license permits any non-commercial use, sharing, adaptation, distribution, and reproduction in any medium or format, provided appropriate credit is given to the original author(s) and the source, a link to the Creative Commons license is provided, and any changes made are indicated. The authors retain copyright, and the publisher is granted the right of first publication.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

I. Introduksiyon

Ang pagpapatupad ng CHED Memorandum Order Blg. 20, s. 2013 ay nagdulot ng matinding banta sa propesyonal na kalagayan ng mga gurong Filipino sa kolehiyo, na nagresulta sa kawalang-katiyakan sa kanilang seguridad sa trabaho at akademikong identidad (Mendoza et al., 2022). Sa kabila ng panganib ng dislokasyon, ipinamalas ng mga guro ang kanilang katatagan sa pamamagitan ng aktibong pag-angkop, gaya ng pagsailalim sa retooling sa ibang disiplina, paglipat sa antas ng Senior High School, at pagtanggap ng mga gawaing administratibo. Ang mga estratehiyang ito ay hindi lamang nagsilbing paraan ng pagsalba sa kanilang kabuhayan, kung hindi naging patunay rin ng kanilang dedikasyon na manatili sa serbisyo at patuloy na mag-ambag sa akademya sa gitna ng nagbabagong kurikulum.

Sa pandaigdigang konteksto, sa pag-aaral nina Liang et al. (2025) sa mga unibersidad sa Hong Kong, ipinakita na ang ganitong mga pagbabago sa kurikulum sa wika ay nagdudulot ng linguistic insecurity sa hanay ng mga tagapagturo, kung saan nararamdaman nilang hindi na pinahahalagahan ng mga globalisadong pamantayan ng institusyon ang kanilang espesyalisadong kaalamang lingguwistiko. Bukod dito, ang pananaliksik ni Cedeño (2021) sa mga pampublikong kolehiyo sa Ecuador ay nagpapatunay na ang mga repormang kurikular na kadalasang humantong sa krisis ng identidad habang sila ay inilipat mula sa kanilang pangunahing larangan patungo sa mga bagong tungkuling panturo. Sa kabilang dako, natuklasan ni Yiakoumetti (2022) Sa United Kingdom na kapag nababawasan ang halaga ng isang wika sa kurikulum, ang mga guro nito ay nakararanas ng makabuluhang pagbaba ng panlipunang katayuan at propesyonal na moral sa loob ng hirarkiya ng unibersidad.

Sa pambansang antas, sa CALABARZON sa pag-aaral nina Asio et al. (2022) , ipinakita na maraming propesor ng Filipino ang napilitang sumailalim sa retooling o pagtuturo ng mga asignaturang hindi kaugnay sa kanilang disiplina upang mapanatili ang kanilang full-time na katayuan. Ayon sa pag-aaral nina Paz at Garcia (2024) sa Ilocos Region, kung saan natuklasang ang kawalan ng seguridad sa trabaho ay nagresulta sa brain drain o pag-alis ng mga eksperto sa wika mula sa akademya dahil sa malabong direksyon ng kanilang propesyon sa antas tersiyarya. Ayon sa pag-aaral ni Narvaza (2023), lalong lumalala ang krisis sa propesyunal na katayuan ng mga guro sa Filipino sa National Capital Region (NCR). Dahil sa konsentrasyon ng mga malalaking Higher Education Institutions (HEIs) sa Metro Manila, nahaharap ang mga kaguruan sa matinding alienasyon at marginalisasyon. Sa halip na ituring na mga eksperto sa kolehiyo, marami ang nakararamdam na sila ay naitataboy na iskolar dahil ang kanilang disiplina ay unti-unting winakasan sa antas tersyarya at itinuon na lamang sa basic education. Ang ganitong kalagayan ay hindi lamang nagpapababa sa dignidad ng kanilang propesyon kundi naglilimita rin sa kanilang gampanin bilang mga tagapagdaloy ng mataas na antas ng karunungan sa wikang Filipino.

Sa lokal na konteksto ng Davao Region, partikular na sa mga pampubliko at pribadong kolehiyo sa Lungsod ng Tagum, binigyang-diin sa pananaliksik ni Abiva (2025) na ang pagtanggal sa asignaturang Filipino ay hindi lamang isang legal na paglabag sa mandatong konstitusyonal, kung hindi isang sistematikong pagpapahina sa papel ng wika sa pambansang pagkakaisa. Ang krisis na ito ay mas malalim na sinuri ni Evardo (2024) sa Lungsod

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

5.3.1 Pagbabago sa Propesyonal na Identidad

Ipinakita ng mga resulta na nagbago ang aktuwal na tungkulin ng mga guro, ngunit hindi tuluyang nawala ang kanilang pagkakakilanlan bilang mga guro ng Filipino. Ang ilan ay nagturo ng ibang asignatura, lumipat sa ibang antas ng edukasyon, o nagkaroon ng administratibong tungkulin. Gayunpaman, nanatili ang kanilang pagpapahalaga sa kanilang dating espesyalisasyon.

Ayon kay FSA:

"Nakikita ko ang sarili ko bilang isang survivor na edukador na nag-aadjust sa pangangailangan ng panahon. Ngunit sa puso at isip ko, ako ay isa pa ring guro ng Wika." (FSA-RQ3-S1)

Pinagtibay ito ng Impormante 1, na nagsabing nanatiling matatag ang pangunahing identidad ni FSA bilang guro at dalubhasa sa Filipino sa kabila ng pansamantalang pagbaba ng kaniyang kumpiyansa dahil sa mga bagong asignatura (I1-RQ3-S1).

Ipinakikita ng mga salaysay na maaaring magbago ang mga tungkulin ng mga guro nang hindi nawawala ang kanilang propesyonal na identidad. Sa halip, lumawak ang kanilang pagkakakilanlan upang matugunan ang mga bagong pangangailangan ng edukasyon.

Ang resulta ay may kaugnayan sa konsepto ng crisis of identity na tinalakay nina Millamena (2023) at San Juan (2024), kung saan maaaring makaranas ng pagkawala ng pagpapahalaga ang mga guro matapos mabawasan ang espasyo ng kanilang espesyalisasyon sa kurikulum. Ipinaliwanag din ni Garma (2024) na ang kakulangan ng pagkilala mula sa institusyon ay maaaring makaapekto sa propesyonal na identidad ng mga guro. Gayunpaman, ipinakita nina Prudente et al. (2024) at Saro (2024) ang posibilidad ng paghubog sa mga guro bilang interdisciplinary practitioners. Sinusuportahan nito ang natuklasan na bagama't nagbago ang aktuwal na tungkulin ng mga kalahok, nanatili ang kanilang pagkakakilanlan bilang mga guro at dalubhasa sa Filipino.

5.3.2 Pagpapatuloy ng Adbokasiya sa Wikang Filipino

Sa kabila ng pagbawas ng espasyo ng Filipino sa General Education, nanatiling mahalaga sa mga guro ang pagtataguyod sa wikang pambansa. Ipinagpatuloy nila ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo, paghikayat sa mga mag-aaral na pahalagahan ang wika, at pagsasama ng kulturang Pilipino sa kanilang mga aralin.

Ibinahagi ni FSA:

"Mas lalong tumapang ang paninindigan ko. Nakita ko na kung hindi tayo kikilos, napakadali talagang isantabi ng wika natin kaya kailangan natin itong ipaglaban." (FSA-RQ3-S4)

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

6. Talakayan

Ipinakita ng pag-aaral na ang pagtanggal ng Filipino sa General Education ay nagdulot ng malawak na pagbabago sa propesyonal na kalagayan, mga tungkulin, at identidad ng mga guro ng Filipino sa Davao Region. Hindi lamang naapektuhan ang kanilang pagkakataong makapagturo ng asignaturang Filipino; nagbago rin ang kanilang teaching load, seguridad sa trabaho, kabuhayan, propesyonal na ugnayan, at direksiyon ng kanilang karera.

Ang unang limang tema ay nagpapakita ng epekto ng pagbabago sa kanilang propesyonal na kalagayan: Kawalan ng Katatagan sa Propesyon, Pagbabago sa Teaching Load at Tungkulin, Pagbabago sa Kabuhayan at Benepisyo, Emosyonal at Sikolohikal na Epekto, at Pagbabago sa Propesyonal na Ugnayan. Ipinahihiwatig ng mga temang ito na ang pagbawas ng mga asignaturang Filipino ay nagdulot ng kawalan ng katiyakan sa trabaho, paglilipat ng mga tungkulin, at limitadong pagkakataong magamit ang kanilang espesyalisasyon. Ang ilang guro ay nakaranas ng floating status, reassignment, at pagtuturo ng mga asignaturang hindi tuwirang kaugnay ng kanilang larangan. Gayunpaman, nagkakaiba ang antas ng epekto batay sa kanilang katayuan sa trabaho at sitwasyon sa kani-kanilang institusyon.

Sa kabila ng mga hamong ito, ipinakita ng mga guro ang kakayahang umangkop sa pamamagitan ng limang estratehiya: Patuloy na Pagpapaunlad ng Sarili, Masusing Paghahanda sa Pagtuturo, Pagpapalakas ng Emosyonal na Katatagan, Kolaborasyon at Pagbabahaginan, at Inobasyon sa Pagtuturo. Ipinakita ng kanilang mga karanasan na ang pag-angkop ay hindi lamang nangangahulugan ng pagtanggap sa bagong tungkulin. Kabilang dito ang patuloy na pag-aaral, pagsasanay, retooling, paghahanda ng mga kagamitang panturo, paggamit ng teknolohiya, at pakikipagtulungan sa mga kasamahan. Nagsilbi rin ang suporta ng pamilya at mga katrabaho bilang mahalagang sandigan sa pagharap sa mga pagbabagong propesyonal at emosyonal.

Samantala, ang limang tema tungkol sa propesyonal na identidad at tungkulin—Pagbabago sa Propesyonal na Identidad, Pagpapatuloy ng Adbokasiya sa Wikang Filipino, Pagbabago sa Papel Bilang Guro, Pagbabago sa Ugnayan sa mga Mag-aaral, at Pananaw sa Hinaharap ng Propesyon—ay nagpapakita na ang pagbabago sa kanilang mga tungkulin ay hindi nangangahulugan ng tuluyang pagkawala ng kanilang identidad bilang mga guro at dalubhasa sa Filipino. Sa halip, naipagpatuloy nila ang kanilang propesyonal na pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagtuturo ng ibang asignatura, paglipat sa Senior High School, pagsasagawa ng pananaliksik, pagtanggap ng tungkuling administratibo, at patuloy na paggamit at pagtataguyod ng wikang Filipino.

Mahalaga ring bigyang-diin ang pagkakaiba ng mga karanasan ng limang kaso. May mga gurong nakaranas ng kawalan ng katiyakan at limitadong pagkilala sa kanilang espesyalisasyon, samantalang ang iba ay nakakita ng bagong oportunidad sa pamamagitan ng paglipat sa ibang antas ng edukasyon o pagganap ng mga tungkuling administratibo at pamumuno. Ipinakikita nito na bagaman may magkakatulad na hamon, hindi pare-pareho ang naging proseso at kinalabasan ng kanilang pag-angkop.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

Ipinakita ng pag-aaral na ang pagtanggal ng Filipino sa General Education ay nagdulot ng makabuluhang pagbabago sa propesyonal na kalagayan ng mga guro ng Filipino sa Davao Region. Kabilang sa mga pagbabagong ito ang kawalan ng katiyakan sa trabaho, pagbabago sa teaching load at mga tungkulin, epekto sa kabuhayan at benepisyo, emosyonal at sikolohikal na hamon, at pagbabago sa kanilang propesyonal na ugnayan.

Gayunpaman, ipinakita ng mga guro ang kakayahang umangkop sa pamamagitan ng patuloy na pagpapaunlad ng sarili, masusing paghahanda sa pagtuturo, pagpapatibay ng emosyonal na katatagan, pakikipagtulungan sa mga kasamahan, at paggamit ng mga makabagong estratehiya. Ipinakikita ng kanilang mga karanasan na mahalaga ang personal na pagsisikap at suporta ng mga taong nakapaligid sa kanila sa pagharap sa mga pagbabagong pangkurikulum.

Bagaman nagbago ang kanilang mga posisyon, tungkulin, at pagkakataong magamit ang kanilang espesyalisasyon, nanatiling mahalaga sa kanila ang kanilang propesyonal na identidad bilang mga guro at dalubhasa sa Filipino. Ang ilan ay nagpatuloy sa pagtuturo sa ibang antas o asignatura, samantalang ang iba ay lumipat sa mga tungkuling administratibo at pamumuno. Sa kabila ng magkakaibang landas, ipinakita nilang maaari pa ring maipagpatuloy ang kanilang adbokasiya para sa wikang Filipino sa iba't ibang paraan.

Samakatuwid, ipinakikita ng limang kaso na ang pagbabago sa kurikulum ay hindi awtomatikong nagbubunga ng pagkawala ng propesyonal na identidad. Sa halip, maaari itong humantong sa muling paghubog ng mga tungkulin at paraan ng paglilingkod. Ang katatagan ng mga guro ng Filipino ay makikita sa kanilang kakayahang matuto, umangkop, makipagtulungan, at patuloy na itaguyod ang wikang Filipino sa kabila ng mga hamon sa kanilang propesyon.

9. Mga Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang sumusunod:

Para sa mga administrador ng HEIs: Bumuo ng malinaw na patakaran at mekanismo para sa makatarungang pagtatalaga ng mga tungkulin, pagpapanatili ng seguridad sa trabaho, at pagkilala sa espesyalisasyon ng mga gurong naapektuhan ng pagbabago sa kurikulum.

Para sa mga institusyong pang-edukasyon: Magpatupad ng tuluy-tuloy na mga programa sa retooling, upskilling, mentoring, at propesyonal na pagpapaunlad upang matulungan ang mga guro na matugunan ang mga bagong pangangailangan sa pagtuturo at iba pang tungkulin.

Para sa mga administrador at tagapangasiwa ng akademya: Magtatag ng mga mekanismo para sa emosyonal at propesyonal na suporta, kabilang ang peer mentoring, konsultasyon, at mga gawaing magpapalakas sa kolaborasyon at pakiramdam ng pagiging kabilang ng mga guro sa institusyon.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
Para sa mga guro ng Filipino: Ipagpatuloy ang pagpapaunlad ng sarili, pananaliksik, paggamit ng teknolohiya, at paglinang ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo upang mapalawak ang kanilang kakayahang gampanan ang mga bagong tungkulin habang pinananatili ang kanilang espesyalisasyon.

Para sa CHED at mga gumagawa ng polisiya: Isaalang-alang ang epekto ng mga pagbabago sa General Education Curriculum sa propesyonal na kalagayan at kapakanan ng mga guro. Magsagawa ng mga konsultasyon at pag-aaral na maaaring maging batayan sa pagbuo o pagrepaso ng mga patakarang may kaugnayan sa mga guro at asignaturang Filipino sa mataas na edukasyon.

Para sa mga HEIs at samahang pangwika: Palawakin ang mga programang nagtataguyod sa wikang Filipino, kabilang ang mga programang pang-akademiko, pananaliksik, publikasyon, at iba pang gawaing magbibigay ng pagkakataong magamit ang Filipino sa iba't ibang larangan ng karunungan.

Para sa mga susunod na mananaliksik: Magsagawa ng karagdagang pag-aaral sa iba pang rehiyon at institusyon upang higit na maunawaan ang magkakaibang karanasan ng mga guro ng Filipino. Maaari ring palawakin ang pananaliksik sa pamamagitan ng pagsasama ng pananaw ng mga administrador, mga guro mula sa ibang disiplina, at mga gumagawa ng polisiya upang masuri ang pangmatagalang epekto ng mga pagbabago sa kurikulum.

10. Limitasyon ng Pag-aaral

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa propesyonal na kalagayan, mga estratehiya ng pag-angkop, at pagbabago sa identidad at tungkulin ng mga guro ng Filipino matapos ang pagtanggal ng Filipino sa General Education sa Davao Region. Gumamit ito ng kwalitatibong multiple-case study na disenyo na sumaklaw sa limang pangunahing kalahok mula sa magkakaibang institusyon at sitwasyon. Bukod dito, nagsilbing pantulong na mapagkukunan ng datos ang sampung key informant na binubuo ng mga administrador at kapwa guro upang mapagtibay ang mga interpretasyon sa pamamagitan ng triangulation.

Dahil sa limitadong bilang ng mga pangunahing kalahok at sa tiyak na konteksto ng mga kasong sinuri, hindi nilalayon ng pag-aaral na katawanin ang pangkalahatang karanasan ng lahat ng guro ng Filipino sa Pilipinas. Nakatuon ito sa masusing pag-unawa sa mga natatanging karanasan at pagkakaiba ng limang kaso sa loob ng Davao Region.

Maaari ring maimpluwensiyahan ng personal na pananaw, alaala, at emosyonal na karanasan ng mga kalahok ang impormasyong kanilang ibinahagi sa mga panayam. Bagaman gumamit ng mga key informant at kaugnay na dokumento upang mapagtibay ang mga datos, may mga aspekto pa rin ng kanilang propesyonal na karanasan na maaaring hindi ganap na mailahad sa loob ng saklaw at panahong inilaan sa pag-aaral.

Samakatuwid, ang mga natuklasan ay dapat unawain batay sa konteksto ng limang kasong sinuri at hindi bilang pangkalahatang paglalarawan sa lahat ng guro ng Filipino. Maaaring palawakin ng mga susunod na pananaliksik

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
Scholarship. Taos-pusong kinikilala at pinasasalamatan ng mananaliksik ang CHED sa pagbibigay ng tulong-pinansiyal na naging mahalagang suporta sa pagkumpleto ng pag-aaral na ito.

Data Availability

Hindi isinapubliko ang buong interview transcripts upang maprotektahan ang privacy at digital identities ng mga kalahok. Maaaring ibahagi ang de-identified excerpts alinsunod sa ethical approval at consent conditions.

Mga Sanggunian

Abiva, R. B. E. (2025). Critical discourse analysis of Dr. Manuel Viola Gallego's 1932 monograph "The Language Problem of the Filipinos": A study of postcolonial linguistic perspectives. SUKISOK Journal of the Arts and Sciences, 5(2).

Asio, J. M., Mendoza, K. J., & Soriano, I. (2022). The General Education Curriculum in the Philippines: A policy analysis. International Journal of Law and Public Policy, 4(2), 66–74. https://doi.org/10.36079/lamintang.ijlapp-0402.403

Austinson, M. A. (2022). Teachers' use of boundary management tactics to maintain work-life balance (Publication No. 29164413) [Doctoral dissertation, Northwest Nazarene University]. ProQuest Dissertations & Theses Global.

Ayanwale, M. A., Adelana, O. P., Ishola, A. M., & Adeeko, O. (2024). Education 4.0: Exploring computer science teachers' readiness. Eurasia Journal of Mathematics, Science and Technology Education, 20(8), Article em2492.

Basir, K. H., Haji Sismat, M. A., & Ahmad, S. S. (2024). Adapting and implementing the new normal: An Islamic university perspective. Journal of Applied Research in Higher Education, 16(5), 1405–1419.

Bedair, S., Sayed, S. A., & AlMetwaly, W. M. (2022). Enhancing hybrid learning using open source GIS-based maps archiving system. The Egyptian Journal of Remote Sensing and Space Sciences, 25(3), 779–793. https://doi.org/10.1016/j.ejrs.2022.07.003

Cahilog, D. T., Sarong, J. S., & Arcilla, F. E. (2023). Exploring the motivations and challenges of teachers leaving DepEd for overseas opportunities. SSRN.

Campos, G. R. (2023). A glimpse of the past and the present: A generic review of the Philippine educational system and the K+12 curriculum implementation. American Journal of Education and Technology, 2(2), 84–92.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Canaway, D. G., Alegado, F. A. J. F., & Alviola, J. C. (2025). Discourse analysis on the compensation insecurity and professional inferiority of private school basic education teachers. Environment and Social Psychology, 10(2), Article 2536. https://doi.org/10.59429/esp.v10i2.2536

Capulso, L. B., Salendab, F. A., Jimlan, G. D. J. I. T., Bermejo, D., Soriano, S., Rabacal, R. N., & Ramada, M. G. C. (2024). Advancing research excellence in Philippine basic education to harness productivity: A comprehensive mixed-methods approach. Migration Letters, 21(S2), 557–578.

Cardenas, N. R., & Dacles, D. D. M. (2024). Understanding the Bugkalot cultural heritage among secondary school teachers in a Philippine DepEd district: Towards developing educational materials on cultural heritage. Research and Advances in Education, 3(12), 1–10.

Caruso, A. M. (2022). Forced transitions: A phenomenological study of displaced employees due to college closure. Regis College.

Castro, A. J. (2022). Teachers of color and precarious work: The inequality of job security. Labor Studies Journal, 47(4), 359–382.

Cedeño, M. J. L. (2021). The intersection of language ideologies and language teacher identities in the expanding circle [Doctoral dissertation, The University of Arizona].

Cruz, D. K. (2024). The professional identity of the "displaced": A qualitative study of Filipino language professors. Asian Journal of Humanities and Education, 12(3), 89–105.

Cushing, I., & Clayton, D. (2024). Teachers challenging language discrimination in England's schools: A typology of resistance. Journal of Language, Identity & Education, 1–16. https://doi.org/10.1080/15348458.2024.2354478

Doll, K., Ragan, M., Calnin, G., Mason, S., & House, K. (2021). Adapting and enduring: Lessons learned from international school educators during COVID-19. Journal of Research in International Education, 20(2), 114–133. https://doi.org/10.1177/14752409211034399

Donasco, C. M., Jacobo, A. B., Jacobo, G. T., & Seras, R. (2025). Coping with job-related stress: Mechanisms of teachers across the districts of Davao Del Norte Division. International Journal of Innovative Science and Research Technology, 10(1), 1543–1548.

Dooley, N. (2024). Job-embedded coaching experiences and teacher self-efficacy for integrating digital literacy [Doctoral dissertation, Houston Baptist University].

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Ladson-Billings, G. (1994). The dreamkeepers: Successful teachers of African American children. Jossey-Bass.

Lamorinas, D. D., Bulado, A. J. B., & Lutian, M. J. M. (2024). Preserving initiatives for the Filipino language: Analysis of language protection through personal efforts among Filipino students. Development, 13, 14.

Liang, Z., Huang, J., & Zhao, C. (2025). Language attitudes and fluid identities: Perceptions from Shenzhen-Hong Kong cross-border students. Journal of Multilingual and Multicultural Development, 46(9), 3237–3250.

Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). Naturalistic inquiry. SAGE Publications.

Lynch, K. (2021). The effect of restorative practices on student behavior and achievement in schools. Trevecca Nazarene University.

Magcalas, H. A., Bautista, R. L., & De Jesus, L. F. (2024). Pinoy ako, pero hindi Filipino major: Pag-aaral sa karanasan ng guro sa pribadong paaralan. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2(3), 43–57.

Magdaraog, R. B. (2024). Influence of instructional leadership practices of school heads on teachers' motivation and competence. United International Journal for Research & Technology, 6(4), 16–22.

McDaniel, D. S. (2024). "We're loud, why aren't you?" Laura's social media activism through justice-oriented literacies. English Teaching: Practice & Critique, 23(3), 368–387.

Mendoza, K. J. A., Asio, J. M. R., & Soriano, I. D. (2022). The General Education Curriculum in the Philippines: A policy analysis.

Mendoza, R., et al. (2022). Ang banta sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino: Pagsusuri sa epekto ng CHED Memorandum Order No. 20, Series of 2013. Journal of Filipino Studies, 15(2), 45–60.

Millamena, C. (2023). The perspective of state universities and colleges (SUCs) on offering Filipino courses in the context of the K12 Basic Education Program. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 6(10), 892–897. https://doi.org/10.5281/zenodo.7547352

Newman, T. (2021). Tetun akadémiku: University lecturers' roles in the intellectualisation of Tetum. Language Policy, 20(1), 77–98.

Parcia, J. R., Benavidez, M. D., Benavidez, T. S., Martinez, R. E., & Tuazon, J. B. (2025, December). Tech-enabled collaboration for Filipino language intellectualization in academic discourse: Terminology development platform for a higher education institution. International Conference on Computers in Education.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Pardillo, M., Sanchez, G., & Ruiz, E. (2021). Psychological resilience and adaptive strategies of public school teachers during educational crises. Journal of Behavioral Studies in Education, 6(3), 145–160.

Prudente, M. S., & Aguja, S. E. (2024). Adaptation strategies of language professors in the new GE landscape. Asia-Pacific Social Science Review, 24(2), 66–82.

Prudente, M. S., Aguja, S. E., & Anito, J. C. (2024). 21st-century skills and teacher professional development: A systematic review of Philippine reforms (2020–2024). Asia-Pacific Education Researcher, 33(2), 215–230.

Robles, J., Echate, M. G., Ambita, R. C., & Briones, J. M. (2025). Bridging the gap: Rethinking American literature instruction for Gen Z in Philippine universities. Research Studies in English Language Teaching and Learning, 3(4), 478–496.

Rodriguez-Fransen, B. C. (2023). From kuwentuhan (storytelling) sessions to designing decolonial futures: Filipina educators naming, reflecting, and acting on colonial mentality (Publication No. 30631005) [Doctoral dissertation, Aurora University]. ProQuest Dissertations & Theses Global.

Rosales, R. R. (2024). Unheard voices of Filipino immigrant teachers in the United States. University of Dayton.

Santoro, D. A. (2021). Demoralized: Why teachers leave the profession they love and how they can stay. Harvard Education Press.

Saro, J. M., Montejo, C. B., Sucong, J. A., Bustamante, M. F. O., & Perez, J. B. (2024). A qualitative exploration on the perceived impact of the MATATAG Curriculum on basic education teaching in the school year 2024–2025. International Journal of Advanced Multidisciplinary Research and Studies, 4(4), 952–966. https://doi.org/10.62225/2583049X.2024.4.4.3134

Sumido, A. G., & Gumanoy, A. M. C. (2025). Gamification-based technique and motivation of learners in English: An experimental study. Globus: Journal of Progressive Education, 15(1), 164–173. https://doi.org/10.46360/globus.edu.220251020

Sweatman, M. (2024). Commitment to community, a passion for teaching, imposter syndrome, and the prospects of a permanent job: The ingredients of a doctorate in education.

Tajfel, H., & Turner, J. C. (1979). An integrative theory of intergroup conflict. In W. G. Austin & S. Worchel (Eds.), The social psychology of intergroup relations (pp. 33–47). Brooks/Cole.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Tiongson, M. T. (2023). The role of teacher leadership in interdisciplinary collaborations: A case study of discipline-specific writing in the Philippines. In H. Reinders (Ed.), Language teacher leadership. Palgrave Macmillan. https://doi.org/10.1007/978-3-031-42871-5_6

Uy, C., Fernandez, N., & Reyes, P. (2024). Learner-centeredness in the digital age: Shifting professional practices in Philippine secondary schools. Journal of Instructional Technology, 21(3), 154–172.

Yiakoumetti, A. (2022). Teachers' language use in United Kingdom Chinese community schools: Implications for heritage-language education. Frontiers in Psychology, 13, Article 899428.